
Washington State Department of HEALTH

I-scan ang QR code na ito para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga bakuna sa COVID-19:



# Pagpapabakuna para Maging Protektado Laban sa Sakit na COVID-19

## Ang mga updated na bakuna sa COVID-19 para sa 2023-2024 ay ligtas, mabisa, at inirerekomenda para sa lahat ng 6 buwan pataas.

Ang karamihan ng taong edad 5-64 taon ay kailangan lang ng 1 updated na dosis para sa 2023-2024 upang maging updated.

- Ang mga batang 6 buwan-4 taon ay maaaring kailangan ng higit sa 1 dosis ng updated na bakuna sa COVID-19 para sa 2023-2024 upang maging updated sa pagpapabakuna sa COVID-19.
- Ang mga nakatatandang 65 taong gulang pataas ay dapat tumanggap ng 2 dosis ng updated na bakuna sa COVID-19 para sa 2023-2024, nang may agwat na hindi bababa sa 4 buwan.
- Ang mga taong 6 buwan pataas na katamtaman o malubhang immunocompromised ay dapat magkumpleto ng seryeng may 3 dosis at maaaring tumanggap ng mga karagdagang dosis na updated para sa 2023-2024 nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis.

## Aling mga bakuna sa COVID-19 ang available sa kasalukuyan?

### Pfizer-BioNTech/Comirnaty

Formula para sa 2023-2024, 6 buwan pataas*

### Moderna/Spikevax

Formula para sa 2023-2024, 6 buwan pataas*

### Novavax

Formula para sa 2023-2024, 12 taon pataas

**Ang Comirnaty at Spikevax ay mga brand name ng mga mRNA na bakuna na kasalukuyang aprobado para sa edad 12 pataas. Ang mga mRNA na bakuna ng Pfizer at Moderna ay awtorisado para sa edad 6 buwan pataas.*

MARCH 2024 DOH 348-782 Tagalog

## Ligtas bang tumanggap ng iba pang bakuna kasabay ng bakuna sa COVID-19?

Oo, ligtas na magpabakuna sa COVID-19 kasabay ng pagkuha mo ng iba pang bakuna. Hindi mo kailangang iiskedyul ang iba pang inirerekomendang bakuna nang hiwalay sa pagpapabakuna sa COVID-19. Ang appointment para sa bakuna sa COVID-19 ay isa pang pagkakataon upang makuha ang lahat ng inirerekomendang bakuna.

## Ilang dosis ang kailangan ng anak ko upang maging updated?

Ang mga batang 6 buwan – 4 taong gulang na hindi pa nabakunahan ay inirerekomendang tumanggap ng 2 dosis ng updated na bakuna sa COVID-19 ng Moderna para sa 2023-2024 o 3 dosis ng updated na bakuna sa COVID-19 ng Pfizer para sa 2023-2024.

Ang mga batang 6 buwan – 4 taong gulang na nabakunahan na dati ay inirerekomendang tumanggap ng 1 o 2 dosis ng updated na bakuna sa COVID-19 ng Moderna o Pfizer para sa 2023-2024 (ang oras at bilang ng dosis na ibibigay ay depende sa [mga] bakuna sa COVID-19 na natanggap na dati).

Ang mga batang 5 taon pataas ay updated sa pagpapabakuna sa COVID-19 kung tatanggap sila ng kahit 1 dosis ng updated na bakuna sa COVID-19 ng Moderna o Pfizer para sa 2023-2024.

Ang mga indibidwal na 12 taong gulang pataas na hindi pa nabakunahan ay angkop na tumanggap ng 2 dosis ng bakuna sa COVID-19 ng Novavax para sa 2023-2024 na Adjuvanted nang may 3 linggong agwat.

Ang mga indibidwal na 12 taong gulang pataas na nabakunahan na dati ng bakuna sa COVID-19 (at hindi pa nabakunahan ng mRNA na bakuna sa COVID-19 para sa 2023 -2024) ay angkop na tumanggap ng 1 dosis ng bakuna sa COVID-19 ng Novavax para sa 2023-2024 na Adjuvanted.

Ang mga batang 6 buwan pataas na katamtaman o malubhang immunocompromised ay dapat magkumpleto ng seryeng may 3 dosis at maaaring tumanggap ng 1 o higit pang karagdagang updated na dosis ng bakuna sa COVID-19 para sa 2023-2024 nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis.

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

## May gagastusin ba para sa mga bakuna sa COVID-19?

Ang lahat ng batang 18 taong gulang pababa ay may access sa mga bakuna sa COVID-19 sa tulong ng Childhood Vaccine Program (Programa ng Bakuna para sa Kabataan) (English lang) na libre para sa pasyente. Kung mayroon kang pampubliko o pribadong insurance sa kalusugan, maaari itong singilin ng tagapagbigay ng iyong bakuna upang i-reimburse ang bayad sa pagbibigay ng bakuna.

Ang mga taong nasa hustong gulang na edad 19 taon pataas na may pampubliko o pribadong insurance ay may libreng access sa mga bakuna sa COVID-19. Sa ilalim ng Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security Act (CARES Act, Batas para sa Tulong, Ginhawa, at Pang-ekonomiyang Seguridad kaugnay ng Coronavirus) (English lang), dapat saklawin kaagad ng mga plan at issuer, nang hindi hinahati ang gastos, ang anumang bakuna sa COVID-19 na awtorisado o aprobado ng Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot) sa sandaling awtorisado o aprobado na ang bakuna.

Ang mga taong nasa hustong gulang na may kaunti o walang insurance ay puwedeng mag-access ng bakuna sa COVID-19 sa tulong ng Bridge Access Program (Programa sa Pagtulay ng Access) (English lang), kung saan nakikipagtulungan sa mga piling botika sa buong Washington at sa mga karagdagang Tagapagbigay ng Bakuna para sa Nasa Hustong Gulang. Ang Bridge Access Program ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) ay nagbibigay ng mga libreng bakuna sa COVID-19 sa mga taong nasa hustong gulang na walang insurance sa kalusugan at sa mga taong nasa hustong gulang na may insurance na hindi sapat upang saklawin ang lahat ng gastos para sa bakuna sa COVID-19. Available ang mga libreng bakuna sa COVID-19 sa tulong ng programang ito hanggang sa Disyembre 31, 2024. Pumunta sa vaccines.gov (English lang) para sa mga lokasyong kasali sa Bridge Access Program.

**Makipag-ugnayan sa**
Covid.Vaccine@doh.wa.gov
360-236-3642

Klinikal na Patnubay para sa Pagbabakuna sa Covid-19 - https://www.cdc.gov/vaccines/covid-19/clinical-considerations/interim-considerations-us.html#covid-vaccines

Childhood Vaccine Program - https://doh.wa.gov/public-health-healthcare-providers/public-health-system-resources-and-services/immunization/childhood-vaccine-program

CARES Act - https://www.dol.gov/sites/dolgov/files/EBSA/about-ebsa/our-activities/resource-center/faqs/aca-part-50.pdf

Bridge Access Program - https://www.cdc.gov/vaccines/programs/bridge/index.html

Vaccines.gov - https://www.vaccines.gov/